Para sa: Mga Pambansang Organo, Komiteng Rehiyon
Mula sa: Pangkalahatang Kalihiman

# Mga Suplementaryong Punto Tungkol sa Gawain sa Organisasyon at Edukasyon ng Partido Kaugnay ng Programa ng Partido Para sa 2003-2005:

**A. Isaayos ang makinarya para sa sistematikong pangangasiwa sa araw-araw na gawain ng Partido.**

1. Itayo at paganahin ang pamalagiang kalihiman sa antas ng komiteng rehiyon at mga nakabababang komite ng Partido at sa antas ng mga pambansang komisyon, kagawaran at kawanihan ng Partido. Ito ang susubaybay sa pang-araw-araw na gawain ng Partido na pangunahing kinapapalooban ng mga gawain sa organisasyon at edukasyon. Isang andana rin ito ng pagpapatupad ng kolektibong pamumuno sa pagitan ng pulong ng komiteng tagapagpaganap. Ito ay tuwirang nananagot sa komiteng tagapagpaganap ng komite/organo at sa plenaryong komite/organo na kinapapalooban nito. Ginagabayan ito ng mga desisyon, patakaran at programa ng buong komite at ng komiteng tagapagpaganap ng komiteng kinapapalooban nito. Ang kalihiman ay binubuo ng kalihim, pangalawang kalihim sa organisasyon at pangalawang kalihim sa edukasyon. Ang kalihiman ay isang mahalagang bahagi ng pamumuno upang makamit ang target na pagpapalawak, pagpapalakas at pagpapatatag na itinatakda ng tatlong-taong programa ng Partido. Lalong magiging mahalaga ang papel nito sa mahusay at episyenteng pagpapaandar ng Partidong inaasahang lalaki nang ilampung libo pa sa darating na mga taon.

Ang kalihim ang pangkalahatang pinuno ng kalihiman at nangungulo sa mga pulong ng kalihiman. Bilang kalihim siya ay pwedeng umupo at tuwirang lumahok sa mga pulong at gawain sa saklaw ng organisasyon at edukasyon. Ang kalihim ang pangunahing nag-iinisyatiba sa pagbabalangkas ng programa ng kalihiman alinsunod sa programa ng komite ng Partido o ng komiteng tagapagpaganap nito at pangunahing naghahanda ng mga burador ng pagtatasa ng mga gawain sa saklaw ng kalihiman at nagrerekomenda o gumagawa ng burador ng mga patakaran para sa paglutas sa mga problema sa implementasyon ng mga gawain ng kalihiman.

Ang pangalawang kalihim sa organisasyon ang pangunahing nangangasiwa sa mga usapin sa organisasyon ng Partido sa kanyang saklaw. Ipinapatupad niya ang kanyang gawain sa pamamagitan ng pana-panahong pagtawag sa pulong ng mga kalihim sa organisasyon sa kanyang saklaw, pag-upo o pagtawag sa pulong ng mga kalihim sa sangay kailanman kinakailangan, pana-panahong pagtawag ng pulong o kumperensya ng mga kadreng pangunahing nakatutok sa pagtatayo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, at pagsubaybay sa istap sa komunikasyon.

Ang pangalawang kalihim sa edukasyon ang pangunahing nangangasiwa sa mga usapin sa edukasyon ng Partido. Ipinatutupad niya ang kanyang gawain sa pamamagitan ng pagtatayo at pagpapaandar ng mga kinakailangang makinarya sa edukasyon na kinabibilangan ng sangay ng paaralang primarya ng Partido at sangay ng paaralang intermedya ng Partido sa kanyang saklaw o di kaya ay grupo sa instruksyon kung di pa kagyat na mabubuo ang mga naturang sangay ng paaralan ng Partido, yunit sa gawaing pangkultura, yunit sa pagsasalin, at yunit sa pagpaparami ng babasahin o publikasyon; sa pamamagitan ng pagtawag ng pulong ng mga pangalawang

kalihim sa edukasyon sa kanyang kagyat na saklaw; at sa pamamagitan ng pagtawag ng pulong o kumperensya ng mga kadreng pangunahing nakatutok sa edukasyong pampulitika ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Partikular na mga tungkulin ng pangalawang kalihim sa organisasyon na:

- Subaybayan at pangasiwaan ang pagpapatupad ng programa sa pagpapalawak ng kasapian ng Partido. Kapag sinasabing pagpapalawak ng kasapian ng Partido, saklaw nito ang pagrerekrut ng mga kandidatong kasapi at ang pagrerekrut ng mga ganap na kasapi mula sa mga kandidatong kasapi.
- Subaybayan at pangasiwaan ang pagsasanay ng karampatang bilang ng mga kadre at ang pagdidispusisyon, promosyon at pangangalaga sa kanila.
- Subaybayan ang daloy ng demokratikong sentralismo. Saklaw nito ang pagsubaybay sa pagpapalaganap ng mga patakaran ng Partido, takbo at pagsasaayos ng sistema ng mga komite, sistema ng mga pulong at sistema ng pag-uulat; pana-panahong pagtatasa sa epektibidad ng istruktura ng organisasyon ng Partido at pagrerekomenda ng anumang kinakailangang pagbabago sa istruktura.
- Subaybayan ang sistema at daloy ng komunikasyon. Kabilang dito ang pagtatayo ng makinarya sa komunikasyon na kinapapalooban ng pagtatayo ng mga pwesto sa sonang gerilya para sa operasyon ng mga linya ng komunikasyon, lambat ng mga kuryer at poste sa kanayunan at kalunsuran, lambat ng buong-panahon at hating-panahong mga kuryer, pagbalangkas ng mga patakaran sa pagbibiyahe at pangangalaga sa mga dala, pagbubuo ng eksklusibong linya ng ugnayan sa bawat organo, pagtiyak na handa ang mga kuryer sa mga sitwasyong militar tulad ng checkpoints, aresto at iba pang tulad nito, pagsasaayos ng sistema ng komunikasyong elektroniko bilang suplementaryong paraan ng komunikasyon. Dapat tiyakin ang mabilis, ligtas, at walang putol na sistema ng komunikasyon. Isang katiyakan din ito sa maayos na pagdaloy ng demokratikong sentralismo.
- Subaybayan ang kalagayan sa seguridad ng organisasyon ng Partido. Saklaw nito ang pagpapalaganap ng paggamit ng upisyal na paraan ng pagkokoda sa mga komunikasyon, ulat at dokumento; pagpapalawak, pagpapasinsin at tuluy-tuloy na pagpapaunlad ng kilusang lihim; masusing pagsisiyasat at maagap na pagresolba sa mga insidenteng may kinalaman sa seguridad ng Partido; pagbalangkas ng mga patakaran at gabay upang maiwasang makapasok sa Partido ang mga di kanais-nais na elemento.
- Subaybayan ang pagbubuo ng mga batayang yunit ng Partido. Dapat matiyak na ang mga batayang yunit ng Partido ay may kakayahang magsarili, nakakapagrekrut, mahusay na nagpapatupad sa kanilang mga gawain, at may mahigpit na ugnay sa masa sa kanilang saklaw.
- Subaybayan ang pagtatayo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa kanyang saklaw.

Partikular na mga tungkulin ng pangalawang kalihim sa edukasyon na subaybayan at pangasiwaan ang:

- Pagpapatupad ng programa sa edukasyon ng Partido. Kabilang dito ang pagpapalaganap sa batayan at intermedyang kurso ng Partido; pagpapatupad ng kurikulum para sa tuluy-tuloy na pag-aaral sa batayan at intermedyang antas; pagrerekomenda at pagsubaybay sa pagpapatupad ng programa sa pagbabasa; pagrerekomenda ng mga espesyal na kurso o kurikulum sa pag-aaral.
- Pagsasanay ng kwerpo ng mga instruktor para sa iba’t ibang kurso at aralin.

- Pagpapaunlad ng sistema ng pagtuturo at pagpapaunlad ng paggamit ng mga tulong sa pag-aaral tulad ng mga biswal, audio-biswal at video.
- Pagpapatupad ng programa sa pagsasalin. Pangunahin ito sa antas pambansa at rehiyon.
- Pagpapatupad ng programa sa paglilimbag ng mga rebolusyonaryong babasahin at lathalain.
- Pagpapalaganap ng likhang pangkultura at pag-engganyo ng mga gawaing pangkultura.
- Pangangasiwa sa masigla at epektibong pagpapatupad ng edukasyong pampulitika sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa.
- Pagsubaybay at pagtulong sa aktibong pagbaka sa mga impluwensya ng burges at petiburges na kaisipan sa loob ng Partido.
- Aktibong pagmamatyag sa pagpasok ng mga rebisyunistang ideya.
- Pagsubaybay sa pagtatayo ng kinakailangang makinarya sa edukasyon ng Partido at ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

2. Ang pambansang kagawaran sa organisasyon na pangunahing nangangasiwa sa mga pambansang kawanihan para sa kilusang unyon, kilusang kabataan-estudyante, kilusang kababaihan, atbp ay isang bahagi lamang ng gawain sa organisasyon ng Partido sa pambansang antas. Pangunahin itong nakatutok sa pagpapaunlad ng pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga batayang uri at sektor sa kalunsuran at pagbubuo ng Partido sa kanilang hanay. Ngunit hindi ito ang kabuuan ng gawaing organisasyon ng Partido. Ang iba pang tungkulin sa organisasyon ay ginagampanan ng Pangkalahatang Kalihiman sa pamamagitan ng Pangkalahatang Kalihim. Hindi dapat ipagpalagay na ang tungkulin ng pangalawang kalihim sa organisasyon ng mga panrehiyong kalihiman ay katumbas lamang ng saklaw ng Pambansang Kagawaran sa Organisasyon.

3. Dahil sa partikular na kalagayan at pangangailangan, may mga kaso na ang mga kadre na itinalaga o inihalal sa panrehiyong kalihiman ay naaatangan ng ibang responsibilidad. Karaniwang kaso na may kagawad ng kalihiman na tuwirang namumuno sa isang intermedyang teritoryal na organo ng Partido at ang kalihim ng rehiyon o iba pang kagawad ng kalihiman ay naoobligang umako ng dobleng responsibilidad para saluhin ang gawain ng kagawad ng kalihiman na abala sa nakabababang organo. Sa kalagayang wala pang nakatayong organo ng Partido sa gawaing militar, maaari ding idagdag sa kalihiman ang namumunong kadreng militar para may kolektibong pagsubaybay sa araw-araw na takbo ng gawain sa hukbo at armadong pakikibaka.

Ang mga partikular na sitwasyong ito ay lilipas din habang umuunlad ang mga gawain, nakakapagsanay ng sapat na bilang ng mga kadre sa iba't ibang antas at napapalamnan ang istruktura ng Partido. Dapat mulat na pagsikapan na maitayo at mapagana ang regular na kalihiman ng mga komiteng rehiyon at maging ng mga pambansang organo ng Partido sa pinakamaagang panahon.

**B. Kamtin ang target sa pagpapalaki ng kasapian ng Partido.**

1. Ang target ng tatlong taong programa sa pagpapalaki ng kasapian ng Partido ay ibinatay sa netong tantos ng paglaki ng kasapian na naitala sa nakalipas na dalawang taon at hindi sa tantos ng pagrerekrut ng kasapian. Ibig sabihin ay kwentado na rito ang karaniwang tantos ng pagkabawas sa kasapian bunga ng iba't ibang dahilan. Isinaalang-alang sa ganitong pagtaya ang mga limitasyon at suliranin na maaaring makakaapekto sa tantos ng paglaki ng kasapian ng Partido, gayundin ang epekto ng matinding militarisasyon sa ilang bahagi ng saklaw na erya.

Ang bilang ng mga aktibistang masa sa isang saklaw ang pinakamatibay na batayan sa pagtaya sa potensyal sa pagpapalawak ng isang organisasyon ng Partido. Ang mga aktibistang masa ang abanteng seksyon ng rebolusyonaryong baseng masa. Itinuturing na aktibistang masa ang mga elementong may kakayahan sa gawaing propaganda at pag-oorganisa at/o mga elementong nakakapanguna sa kanyang partikular na gawain. Relatibong malalim ang balon ng mga aktibistang masa sa iba't ibang bahagi ng organisasyon ng Partido. Kailangang higit pang sistematisahin ang pagsubaybay at ebalwasyon sa kanila. Isang paraang maaaring makatulong ang pagtukoy sa kanilang hanay ng mga prospektibong kandidatong kasapi ng Partido para maengganyo ang inisyatiba ng mga yunit ng Partido sa pagsubaybay at pagpapaunlad sa kanila habang hindi isinasara o kinakaligtaan ang pagpapaunlad sa iba pa.

2, Maaani ang mga pinakaabante mula sa mga aktibistang masa para maging kasapi ng Partido kung higit pang mapapaunlad ang kakayahan ng mga sangay ng Partido at ng mga yunit sa gawaing masa sa pagpapasigla at pagsusulong ng kilusang masa at armadong pakikibaka, Dito mapalilitaw ang pinakamahuhusay at pinakaabanteng mga elemento para maging kasapi ng Partido. Dapat mulat na iangkla sa usaping ito ang pagrerekrut. Sa panahon ng pag-agos ng kilusang masa at armadong pakikibaka kailangang mapangahas na palakihin ang kasapian ng Partido. Sumangguni sa mga dokumento ng kumperensya sa gawaing masa sa kanayunan 2002, at mga dokumento ng kumperensya sa kilusang manggagawa 1998 kaugnay ng pagpapasigla sa kilusang masa.

3. Kaugnay ding usapin sa pag-ani mula sa hanay ng aktibistang masa ang pagtatayo ng karampatang makinarya sa edukasyon sa iba't ibang andana ng organisasyon ng Partido at pagpapagana ng makinarya para sa edukasyong masa sa antas ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, hayag man o lihim. Sa kasalukuyan nalilimitahan pa ang ating kakayahan sa pagrerektut sa Partido mula sa balong ito ng abanteng seksyon ng rebolusyonaryong masa bunga ng kawalan o kakulangan sa makinarya sa gawaing edukasyon sa mga intermedyang antas. Sa saklaw ng programa, kailangang matiyak na maitatayo ang makinarya sa gawaing edukasyon mula sa antas ng distrito o larangang gerilya hanggang sa antas rehiyon at mga pambansang organo. Sa antas ng komiteng distrito o larangan kailangang itayo kahit man lamang ang grupo sa instruksyon.

3. Pinagpasyahan din ng Komite Sentral ang dagdag na pagsasaayos ng istruktura ng edukasyon ng Partido upang mapangibabawan ang tendensyang maikarga sa mga regular na kurso ng Partido ang mga kinakailangang pag-aaral, bagay na masyadong nagpapahaba ng bawat kurso at lalong nagpapahirap sa pagkumpleto ng mga ito. Tuloy, lalong nababalam ang pagrerekrut ng mga ganap at kandidatong kasapi ng Partido.

Pinag-iiba natin ang tatlong antas na regular na kurso at ang tatlong antas na kurikulum sa edukasyon ng Partido. Ang tatlong antas na regular na kurso ay mga rekisitong pag-aaral na karaniwang tinatapos sa loob ng isang linggo hanggang dalawang linggo. Ang mga kurikulum para sa tatlong antas ay kinapapalooban ng serye ng mga karagdagang pag-aaral sa partikular na mga paksang nakabatay o nakaugnay sa tatlong antas na regular na kurso ng Partido.

Sa bagong BKP, pagsasama-samahin sa isang paksang Introduksyon sa MLM ang unang limang paksa at tantyang kayang kunin ito sa loob ng 3 araw. Kung gayon ay mababawasan ng 3-4 araw ang pag-aaral sa BKP mula sa dating teksto. Ang dating limang hiwa-hiwalay na paksa ng BKP na kinapapalooban ng *Rebolusyonaryong Mga Aktitud, Diyalektikong Materyalismo, Istorikong Materyalismo, Ekonomyang Pampulitika* at *Imperyalismo* ay mapapaloob sa kurikulum sa batayang antas sa ilalim ng paksang *Mga Saligang Paksa ng MLM*. Magiging bahagi din ng kurikulum sa batayang antas ang pag-aaral sa kalagayan ng bansa at daigdig mula sa mga upisyal na pahayag ng Partido, serye ng pag-aaral sa mga saligang tekstong sanggunian sa BKP, pag-aaral sa mga upisyal na dokumento ng Partido.

Ang kurikulum sa antas intermedya ay pangunahing kapapalooban ng serye ng pag-aaral sa mga saligang tekstong sanggunian sa IKP, serye ng pag-aaral sa mga paglalagom at case studies sa mayor na mga linya ng gawain,

Ang kurikulum sa antas abante ay pangunahing kapapalooban ng serye ng pag-aaral sa mga saligang tekstong sanggunian sa AKP at mga teoretikong pag-aaral kaugnay ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas.

4. Ilang partikular na hakbang sa pagpapalaki ng kasapian ng Partido:

- Ipatupad ang sistematikong pagbabalak sa pagrerekrut mula sa antas ng sangay pataas. Tukuyin ang mga prospektibong kandidatong kasapi at isama sa pagpoprograma ang tiyak na tagal na panahon para marekrut sila bilang mga kandidatong kasapi ng Partido.
- Tiyakin ang mahigpit na paggabay sa mga bagong sangay ng Partido ng mga kinauukulang yunit o organo ng Partido (sangay sa platun, komiteng seksyon, at iba pang itinakda) hanggang sa makayanan na nilang makapagsarili at makapagpatupad ng gawaing pagpapalawak ng kasapian ng Partido sa kanilang saklaw.
- Sa mga lugar na obligadong pansamantalang iwanan ng yunit ng hukbo o nangangasiwang yunit ng Partido dahil sa matinding militarisasyon o pagsasaayos ng dispusisyon ng mga pwersa, sikaping mapanatili ang ugnay sa mga sangay ng Partido. Sa kalunsuran, paunlarin ang kakayahan ng mga sangay ng Partido na lihim na mag-ugnayan at kumilos upang makapanatili at makapagpursigi kahit sa gitna ng pang-aatake ng kaaway at upang patuloy na makaugnay sa susunod na andana ng organisasyon ng Partido kahit sa mga panahon ng mga dislokasyon sa hayag o lantad na sentro ng operasyon.
- Edad 18 ang minimum na edad sa pagrerekrut ng kandidatong kasapi ng Partido. Muling inililinaw ito dahil ang mas laganap na interpretasyon sa probisyong ito sa Saligang Batas ng Partido ay 18 ang minimum na edad para maging ganap na kasapi ng Partido.
- Sa hanay ng uring anakpawis, intelektwal at kabataang estudyante, maaari nang marekrut ang mauunlad na elementong may 3 hanggang 6 buwang tuluy-tuloy na pagkilos bilang aktibista, handang sumapi sa Partido, naberipika ang personal na katauhan, may rekomendasyon ng dalawang ganap na kasapi ng Partido na nasa mabuting katayuan, at nakakuha na ng saligang edukasyong pampulitika.
- Minimum na rekisitong edukasyon sa mga rerekruting kasapi ng Partido ang pag-aaral sa mga kursong masa at araling aktibista.
- Ang pagrerekrut mula sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mahigpit na pagsunod sa mga pamantayan at rekisito sa pagrerekrut ay makakapagtiyak na di basta-basta makakapasok sa Partido ang mga di kanais-nais na elemento at mga ahente ng militar. Resolbahin ang mga katanungan sa seguridad pabor sa kaligtasan ng organisasyon. Halimbawa, kung may mga impormasyon tungkol sa aktibong ugnayan sa militar o network ng militar ng inirerekomendang maging kasapi, maling ipagpatuloy ang pagrerekrut dahil wala pa namang kumpirmasyon sa impormasyon. Linawin at tiyakin muna na lubos na masasaligan ang nasasangkot bago siya imbitahin sa Partido. Kung may mahigpit na tumututol sa pagrerekrut sa isang indibidwal sa batayan ng seguridad o pagkamapagkakatiwalaan, dinggin muna nang lubusan ng kinauukulang organo ang pagtutol bago pagpasyahan ang pagrerekrut sa Partido.
- Habang mapangahas na nagpapalawak sa pamamagitan ng pagrerekrut ng mga kandidatong kasapi ng Partido bigyan ng karampatang pansin ang pagrerekrut ng mga ganap na kasapi ng Partido. Ang paglaki ng mga ganap na kasapi ng Partido ay isang indikasyon ng konsolidasyon ng Partido at paggana ng regular ng mga batayang yunit ng

Partido laluna sa pagpapatupad ng mga tuntunin ng Partido sa mga pagdedesisyon ng kolektibo.

5. Nagpapatuloy na mabigat na tungkulin ng Partido na palakihin ang rekrut mula sa hanay ng mga manggagawa. Nakasalalay ito sa paglawak ng kilusang unyon at pagpapaunlad ng maraming rebolusyonaryong unyon, gayundin sa pag-unlad ng gawain sa hanay ng mga manggagawa mula sa mga komunidad ng maralita sa lunsod. Ipatupad ang mga resolusyon ng 1998 Kumperensya sa Kilusang Paggawa upang makamit ito at isaayos ang sistema at makinarya para matugunan ang malakihang pagrerekrut ng manggagawa sa Partido.

## K. Kamtin ang target sa pagpaparami at pagpapaunlad ng mga kadre

1. Isaayos ang pag-aantas sa mga kadre.

Magagamit na pangkalahatang sukatan bagamat di tanging sukatan sa ebalwasyon sa antas ng kakayahan ng kadre ang antas ng komiteng kanilang kinapapalooban. Bagama't may iba't ibang kakayahan, kasanayan at naiaambag, ang papel ng indibidwal na kadre sa kolektibong pamumuno sa antas ng komiteng kanyang kinapapalooban ay binibigyang timbang alinsunod sa kakayahan niyang iugnay ang kanyang partikular na gawain sa kabuuang pamumuno at ang mahigpit na paghawak sa mga patakaran at desisyon ng nakatataas na komiteng kanyang kinapapalooban para magabayan ang pagpapatupad ng gawain sa mas mababang antas o yunit na kanyang pinamumunuan.

Gayunman, ang bag-as ng komite, ibig sabihin ang komiteng tagapagpaganap ang karaniwang may pinakakomprehensibong kaalaman at lahatang-panig na kasanayan sa pangkalahatan at araw-araw na pamumuno sa kanilang antas. Ito ang kategorya ng mga kadre na kagyat na reserba sa susunod na antas. Kaya sa pagkakategorya ng mga kadre, ihanay ang bilang ng mga kadreng nakapaloob sa komite, at ihanay nang hiwalay ang bilang ang mga kadreng nasa kt ng komite.

2. Sistematisahin ang pagsubaybay at pangangalaga sa mga kadre

- Gumawa ng profile ng mga kadre ayon sa kanilang antas, kakayahan, kalagayan, pagtupad sa mga tungkulin, edukasyon at pagsasanay na nakuha, mga suliranin, at iba pa. Isama ang mga partikular na impormasyon hinggil sa edad, uring pinagmulan, tagal sa kilusan, mga responsibilidad na hinawakan, ebalwasyon ng nakatataas na kolektibo at nakatataas na komite.
- Ihanay ang mga kadre sa una, pumapangalawa at pumapangatlong linya ng pamumuno.
- Ang promosyon ay pangunahing nakabatay sa kakayahan at aktwal na ambag sa pagkilos. Ang tagal sa kilusan ay may timbang subalit di siyang mapagpasya sa promosyon ng kadre.
- Pana-panahong tasahin ang dispusisyon ng mga kadre. Isinasaalang-alang dito ang pagmaksimisa sa kanilang kakayahan at kasanayan, ang kumbinasyon o team work sa kolektibong kapapalooban, at personal na mga sirkunstansya. Nasa awtoridad ng komiteng tagapagpaganap o ng buong komite ang pagdedesisyon sa karampatang dispusisyon ng mga kadre sa kanilang kagyat na saklaw.
- Sa pagbabago ng dispusisyon ng mga kadre, isaalang-alang ang kumbinasyon at teamwork ng mga kadre upang mamaksimisa ang mga binabago ang dispusisyon at natitiyak ang kanilang patuloy na pag-unlad.
- Gumawa at magpaunlad ng isang sistema ng ebalwasyon sa mga kadre.

3. Balakin ang pagpapalitaw at pagpapaunlad ng kinakailangang bilang ng mga kadre sa saklaw ng tatlong taong programa. Mahahalagang hakbang tungo dito ang napapanahong paglalagom ng kanilang karanasan; pagbabalangkas ng espesyal na mga pag-aaral; pagtawag ng mga porum para sa palitan ng karanasan; pagtitipon at pagpapalaganap ng mga kasong pinag-aralan para maging sanggunian sa praktikal na pagkilos; pagpapataas ng kapukawan sa mga patakaran; pagpapaunlad ng sapol at pagsasabuhay sa linyang masa; mulat na pagbaka sa kanan at 'kaliwang' oportunistang tendensya, burukratismo, lokalismo at sektarismo. Maglalabas ng partikular na mga balak kaugnay ng mga hakbang na nabanggit sa itaas.

**D. Palusugin ang daloy ng demokratikong sentralismo**

- Tungkulin ng nakatataas na mga organo na magsiyasat at puspusang alamin ang takbo at kalagayan ng saklaw ng kanilang pinamumunuan. Sa kabilang banda tungkulin ng mga nakabababang organo na ipaabot ang lahat ng mahahalagang impormasyon, debelopment at rekomendasyon sa nakatataas na organo upang maisaalang-alang sa pagdedesisyon at pamumuno at maagap na mapagpasyahan ang mga usaping dapat na pagpasyahan.
- Mahigpit na panghawakan ang karampatang awtoridad o kapangyarihan sa pagpapasya sa mga usapin at patakaran ng mga karampatang organo ng Partido. Kaalinsabay bukas sila sa anumang rekomendasyon at impormasyon mula sa mga nakabababang organo para sa mga usapin at patakarang nasa saklaw ng mga naturang organo ng Partido.
- Matyagan ang horisontal na pagpalaganap ng anumang pagbabago sa pambansang patakaran nang walang karampatang pagpapatibay ng KTKS, KPKS o KS.
- Mulat na bakahin ang petiburges at burges na mga tendensya na nakakapagpahina sa demokratikong sentralismo tulad ng burukratismo, komandismo, ultrademokrasya, sektarismo, lokalismo at liberalismo.

**E. Paunlarin ang sistema ng pag-uulat**

- Habulin na mapangibabawan ang isang taong pagkahuli ng pasok ng taunang komprehensibong ulat mula sa mga rehiyon at pambansang mga organo. Ang petsa ng pagsusumite ng taunang komprehensibong ulat ay Enero ng bagong taon. Ang kalagitnaan-ng-taon na update sa komprehensibong ulat ay isusumite tuwing Hulyo.
- Isasaayos din ang gabay sa pag-uulat upang mas mapadali ang pag-update at pagsubaybay ng mga datos. Ipapasok ang mga karagdagang paglilinaw sa mga kategorya at aamyendahan ang ilang bahagi ng Gabay sa Ulat upang maging mas malinaw.
- Para matiyak na maagap at lubos na naiimpormahan ang KS, KPKS, KTKS at GS sa takbo at kalagayan ng mga intermedyang yunit, ipatutupad ang sumusunod na sistema ng pag-uulat: Ang komprehensibong ulat ng mga Komiteng Rehiyon at/o KT-KR ay lalakipan ng kopya ng komprehensibong ulat ng mga probinsya at iba pang organong tuwirang nakapailalim sa kanila. Kabilang din dito ang mahahalagang dokumento o paglilinaw sa mga patakaran at gawain na nabalangkas ng mga kinauukulang komite/organo ng Partido. Ang komprehensibong ulat ng Komisyon sa Nagkakaisang Prente, Pangkalahatang Istap Militar, Pambansang Komisyon sa Kilusang Magsasaka, Departamento sa Gawaing Internasyunal, Pambansang Istap sa Pinansya ay lalakipan ng komprehensibong ulat ng mga organong tuwirang nakapailalim sa kanila. Ang komprehensibong ulat ng Pambansang Kagawaran sa Organisasyon at Pambansang Kagawaran sa Edukasyon ay lalakipan ng komprehensibong ulat ng mga pambansang kawanihan na tuwirang nasa ilalim nila at iba pang organo o espesyal na yunit na tuwiran ding nakapailalim sa kanila. Kabilang din dito ang mga mahahalagang mga dokumentong isinulat o binalangkas ng mga naturang organo ng Partido. Ang mga kalihiman ang magtitiyak na naisusumite ang mga hinihinging ulat/dokumento.

- Sikaping ipaabot sa KTKS at GS sa pinakamabilis at ligtas na paraan ang lahat ng mahahalagang developments, dokumento, impormasyon na mahalaga sa pagsusuri, pagpapasya, at pangkalahatang pamumuno.

**G. Maglalabas ng pinaunlad na gabay at mga patakaran kaugnay ng usapin sa seguridad ng Partido sa kanayunan at kalunsuran, gayundin sa gawaing komunikasyon.**

Abril 2003-05-01